LEVEL 1

# Leveled Reader
## in Filipino

# Sino ang Magiging Titser Ko sa Pasukan?



Isinulat at iginuhit ni

Salvacion C. Montenegro



“Tatay, papasok na ba ako sa pasukan?” tanong ni Ping.



“Sana. Kaso hindi pa tayo sigurado kung kailan ang pasukan dahil sa COVID-19. Kaya dito ka muna mag-aaral sa bahay,” ang tugon ng kaniyang ama.



“Sino po ang magiging
titser ko?” ang nasasabik
na tanong ni Ping.
“Ako siyempre o kaya
si Nanay mo,” ang
nakangiting tugon
ni Tatay.



"Ano po ang ituturo ninyo sa akin, Tatay?"
"Marami. Tuturuan kitang magbasa, magsulat, at magbilang. Magdodrowing din tayo," ang tugon ng kaniyang ama.



Napaisip si Ping.
“Wala naman tayong pisara. Saan po tayo magsusulat?”
“Marami tayong malalaking karton, Ping. Igagawa na lang kita.”




"Pero Tatay, wala naman po tayong tsok. Ano po ang ipansusulat natin?"

"Walang problema, anak. Marami pa tayong imbak na uling. Iyon ang gagawin nating tsok."



“Eh, ano naman po
ang gagamitin kong
pangkulay?”
“May mga lumang
pangkulay ang ate mo.
Puwede mong gamitin
ang mga iyon, Ping,”
ang tugon ni Tatay.



"Sana maging tatay
na ako agad," ang
nasasabik na wika
ni Ping.



"Ha? At bakit naman gusto mong maging tatay agad?" ang nagtatakang wika ng kaniyang ama.



"Gusto ko kasing maging titser! Ang tatay pala ay titser din," ang masayang wika ni Ping.



“Hahaha! Ikaw talaga bunso, pinatawa mo si Tatay. Hindi mo kailangang maging tatay para maging titser.”



“Ang iyong kaalaman ay maaari mo ring ibahagi sa iyong mga kalaro kapag wala na ang COVID-19,” ang pagpapatuloy na wika ng kaniyang ama.



“Talaga po, Tatay?” ang pagtitiyak ni Ping sa kaniyang ama.

“Oo, anak,” ang tugon ni Tatay.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI
INTERNATIONAL
The Asia Foundation